



Kagagaling ko lang sa Centrelink at lagi kong nakikita ang simbolong 'tama na' sa lahat ng dako. Alam mo ba kung ano ang ibig sabihin nito?

Oo, itinataguyod nila ang suporta at mga serbisyong makukuha sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao para sa mga apektado ng karahasan sa pamilya at tahanan.

Anong suporta at mga serbisyo ang inaalok nila?

Depende sa mga kalagayan, maaari ka nilang isangguni sa mga suportang serbisyo ng espesyalista sa inyong komunidad. Maaari ka ring isangguni sa isang social worker na maaaring magbigay ng payo at suporta, at makatulong sa pagkuha ng ilang kabayaran.

Maganda namang malaman na may makukuhang tulong. May kaibigan akong parang masama ang relasyon sa kanyang asawa. Hindi siya inaabuso nang pisikal, pero hindi siya pinapayagang makipagkita sa mga kaibigan at pamilya nang walang pahintulot ng asawa at wala rin siyang perang pambili ng pagkain at mga damit. Talagang hindi siya masaya at hindi alam ang gagawin.

Ang karahasan sa pamilya at tahanan ay hindi lamang pisikal na dahas. Maaaring kabilang dito ang ugaling mapagbanta, mapanindak, mapaniil o nananadyang magdulot ng takot.

Hindi ko alam 'yan. Natututo pa lang siyang magsalita ng Ingles dahil dumating lang siya rito may isang taon na ang nakaraan. Maaari ba siyang makipag-usap sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao?

Oo naman. Maaari siyang tumawag sa Department of Human Services sa 131 202 para may makausap siya sa kanyang wika.

O kaya maaari siyang tumawag sa 1800RESPECT sa 1800 737 732 at makipag-usap kanino man sa wika niya. May iniaalok silang libreng pagpapayo sa telepono at sa online para sa mga taong dumaranas ng karahasan sa pamilya at tahanan, at maaari rin siyang isangguni sa lokal na mga serbisyo para sa tulong.

Hindi ako sigurado kung papayag na siyang makipag-usap kanino man, saan ko siya puwedeng papuntahin para kumuha ng karagdagang impormasyon?

Maaari siyang pumunta sa humanservices.gov.au/yourlanguage o 1800respect.org.au/languages. May impormasyon sila tungkol sa karahasan sa pamilya at tahanan sa iba't ibang wika.

Salamat. Ibabahagi ko sa kanya ang impormasyong ito.